

GABAY SA USAPAN TUNGKOL SA MGA BAKUNA LABAN SA COVID-19

Pag-usapan natin ang tungkol sa mga
bakuna laban sa COVID-19





01

Panimula

Tungkol sa Gabay na ito

Itong praktikal na Gabay sa Usapan ay makakatulong sa mga tagapagbigay ng serbisyo sa paninirahan na magkaroon ng isang pagtatalakay tungkol sa mga bakuna laban sa COVID-19 at tumugon sa mga pag-aalala ng mga kliyente tungkol sa bakuna laban sa COVID-19 sa pamamagitan ng isang magalang at mapagmalasakit na pamamaraan.

Ang Gabay ay sumusuporta sa mga tagapagbigay ng serbisyo sa paninirahan na magkaroon ng epektibong mga pagtatalakay tungkol sa mga bakuna laban sa COVID-19 sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa mga kliyente at paglutas ng mga isyu na maaaring mabanggit sa pag-uusap.



Tungkol sa Gabay na ito

Layunin ng Gabay na ito na magkaroon ng pag-uusap na mapagmalasakit upang marinig at maunawaan ang mga dahilan ng hindi pagpapabakuna, talakayin ang mga pag-aalala at lutasin ang mga katanungan upang mapag-isipan at maunawaan ng mga kliyente ang mga bakuna laban sa COVID-19.

Ang Gabay ay binuo ng Migration Council Australia (MCA) na may malapit na konsultasyon sa SETSCoP — isang pambansang network ng 112 na tagapagbigay ng serbisyo sa paninirahan na sumusuporta sa mga migrante at refugee sa ilalim ng programang Settlement Engagement and Transition Support (SETS). Ang SETSCoP ay tinutulungan ng MCA at pakay nito na suportahan ang mga tagapagbigay ng SETS na magtulungan sa pagtugon sa natukoy na mga isyu.



Maghanda para sa usapan

Ang mga tagapagbigay ng paninirahan ay kadalasang pangunahing ugnayan para sa mga tumutulong na serbisyo at impormasyon. Ang sitwasyon ay hindi iba sa kaso ng mga pagbabakuna laban sa COVID-19.

Ang pagkakaroon ng pag-uusap tungkol sa mga bakuna laban sa COVID-19 ay makakatulong na mapanatiling ligtas ang mga komunidad at makatulong sa pagbabawas ng mga pinsalang nauugnay sa COVID-19 at mapigil ang pagkalat ng sakit.

Ang pagtugon sa mga alalahanin tungkol sa mga bakuna laban sa COVID-19 ay maaaring isang mapaghamong paksa dahil ang ilang mga alalahanin ay batay sa malalim na personal na karanasan, paniniwala, maling impormasyon at nakaraang karanasan ng masama o hindi makatarungan na paggamot sa kalusugan.



Maghanda para sa usapan

Bago simulan ang isang usapan tungkol sa mga bakuna laban sa COVID-19, may ilang mga bagay na maaari mong gawin:

- Pumili ng oras at lugar kung kailan at saan pareho kayong komportable. Mahalagang pumili ng oras at lugar kung kaailan at saan pareho kayong komportable.
- Panatilihin ang mabait at magiliw na pakikitungo.
- Tandaan na ang ating mga palagay ay binuo batay sa magkakaibang kadahilanan at kalagayan.

Kung ang mga kliyente ay hindi handang makipag-usap, ipabatid sa kanila na ikaw ay malalapitan kung kailangan nila ng tulong sa hinaharap.





02

Pagkakaroon ng
pag-uusap


1. **Maging maunawain at makiisa sa mga pinahahalagahan ng indibidwal**

Panatilihin ang pagiging maunawain sa buong pag-uusap at kilalanin ang mga pinahahalagahan at damdamin ng kliyente. Hindi kinakailangang sumasang-ayon ka sa lahat, ngunit maaari mong suportahan ang iba sa pamamagitan ng pakikiisa sa kanya nang walang paghuhusga.




Nag-aalala ako tungkol sa bakuna.
Hindi sapat ang alam ko tungkol dito.

Naiintindihan ko na isa itong mahirap na
panahon, at tama lang na magkaroon ng
mga katanungan at pag-aalala.



Ano ang makakatulong sa iyo upang mapabuti ang iyong pakiramdam tungkol sa bakuna laban sa COVID-19?

Sa tingin ko ang pagkakaroon ng karagdagang impormasyon ay makakatulong sa akin.



2. Magtanong ng mga bukas na tanong (open-ended questions) tungkol sa kaniyang mga alalahanin


Magtanong ng mga bukas na tanong na makakatulong upang alamin ang mga pinagbabatayang alalahanin. Ang mga tanong na ito ay makakatulong sa iyo na mas mabuting maunawaan ang kaniyang mga pag-aalala at maaaring makakatulong na alamin at linawin ang kanilang kaisipan.

Isa itong magandang paraan upang maunawaan kung saan nila nakuha ang kaniyng impormasyon at kung paano niya nahanap ang mga sagot sa kaniyang mga tanong.




Wala akong tiwala sa sarili tungkol sa pagkuha ng bakuna laban sa COVID-19.

Ano ang magpapalakas ng iyong tiwala sa sarili tungkol sa pagpapabakuna?



Nais kong malaman kung paano gumagana ang mga bakuna at kung nababago nito ang iyong DNA.

Sinasanay ng mga bakuna ang iyong naturalesa (immune system) na kilalanin at labanan ang mga virus tulad ng COVID-19. Ang mga bakuna laban sa COVID-19 ay gumagamit ng coronavirus spike upang matulungan ang iyong katawan na makagawa ng mga antibodies na makikipaglaban sa virus. Ang mga ito ay hindi maaaring magbago sa iyong DNA sa anumang paraan.




3. Magkaroon ng pang-indibidwal at pampamilyang pag-uusap

Ang desisyon sa pagbabakuna ay maaaring isang pagpipilian ng sambahayan kung saan ang tagagawa ng desisyon ng pamilya ang siyang magpapasya, o maaari itong isang indibidwal na desisyon. Maaari kang magkaroon ng isang pag-uusap sa isang indibidwal na kliyente o sa karapat-dapat na mga miyembro ng sambahayan upang talakayin ang kanilang mga alalahanin at motibasyon para sa pagbabakuna.



Magdedesisyon ang aking ama para sa sambahayan. Naguguluhan pa rin siya tungkol sa bakuna.

Naiintindihan ko. Ano kaya kung magkasama nating pag-usapan ang mga alalahaning ito?




4. **Ibahagi ang mga pinagkakatiwalaang impormasyon**

Palaging ibahagi ang impormasyon mula sa mga mapagkakatiwalaang pinagmulan. Kapag siguradong naiintindihan mo na ang kaniyang mga katanungan o pag-aalala, maaari siyang tanungin kung maaari mong ibahagi ang pinagkakatiwalaang impormasyon sa kaniya o tulungan siyang makahanap ng impormasyon o makipag-ugnay sa kaniyang General Practitioner (GP / doktor).




Ang mga bakuna laban sa COVID-19 ay binuo sa maikling panahon. Paano ko malalaman na ang mga ito ay ligtas?

Sumunod ang bakuna laban sa COVID-19 sa mga pamamaraan na isinagawa sa ibang mga bakuna. Ang mga siyentipiko sa buong mundo ay nagtulungan upang makabuo ng mga bakuna laban sa COVID-19 at ang pakikipagtulungang ito ay nakatulong sa kanilang mapabilis ang proseso.



Kung gusto mo, maaari kong ibahagi sa iyo ang ilang mga mapagkukunan, o maaari tayong maghanap ng karagdagang impormasyon.


Oo, sa palagay ko ay makakatulong iyan.



5. **Pagtulong sa mga kliyente na malaman ang dahilan kung bakit sila magpapabakuna**


Ang pagpapabakuna ay personal na kagustuhan at mayroon tayong iba't-ibang mga dahilan ng pagpapabakuna laban sa COVID-19. Ang iyong sariling kuwento ay makakatulong sa kanilang malaman ang dahilan ng kanilang pagpapabakuna. Maaari mong ibahagi ang iyong mga dahilan ng pagpapabakuna, kung nagkaroon ka ng anumang mga alalahanin at kung paano naging panatag ang iyong sarili tungkol sa pagbabakuna.

Ilang mga dahilan upang mabakunahan ay, halimbawa, upang tayo ay makabisita sa ating mga mahal sa buhay sa ibang bansa at makipag-ugnay sa isa't-isa nang hindi nangangamba na malubhang magkakasakit kung sakaling mahawahan tayo ng virus.




Bakit pa tayo magpabakuna kung mahahawahan din lang naman ang mga tao ng COVID-19?

Totoo na maaari pa rin tayong mahawahan ng COVID-19 pagkatapos mabakunahan. Ngunit ang mga bakuna ay napakahusay sa pagprotekta sa atin laban sa malubhang pagkakasakit at pangangailangang magpunta sa ospital o kaya ay mamatay.



Nabakunahan ako dahil gusto kong ligtas na bisitahing muli ang aking mga kamag-anak sa ibang estado. Ano sa palagay mo?




6. Pagtulong sa mga kliyente na magpa-iskedyul ng appointment

Kung nagpapahayag sila ng pagkagusto na mabakunahan, maaari mong tulungan ang mga kliyente sa proseso ng pagrerehistro o mag-iskedyul ng isang appointment para sa bakuna. Maaari mong gamitin ang Vaccine Clinic Finder upang makahanap ng isang klinika na malapit sa kanila.




Nais kong magpa-iskedyul para sa isang appointment upang mabakunahan, ngunit wala akong Medicare card.

Ang mga bakuna laban sa COVID-19 ay libre para sa lahat sa Australya. Hindi mo kailangan ng Medicare o isang partikular na katayuan ng visa.



Saan ako maaaring magpunta
upang mabakunahan?

Hayaan mo tulungan kitang humanap ng
pinakamabuting lugar upang mabakunahan.





03

**Saan makakahanap ng
impormasyon**

Department of Health

Ang website ng Department of Health ay nagbibigay ng iba't-ibang mapagkukunan na isinalinwika sa 63 na wika ng komunidad. Ang website na ito ay nagbibigay ng impormasyon tungkol sa bakuna laban sa COVID-19 gaya halimbawa kung paano makakakuha ng bakuna, mga side effect, maling impormasyon (misinformation), at mga karaniwang itinatanong. Makakahanap ka rin ng mga video, mensahe sa radyo, mga papel-kaalaman (fact sheets), mga paskil at mga mapagkukunan sa social media.

Makakahanap ka ng karagdagang impormasyon dito
<https://www.health.gov.au/initiatives-and-programs/covid-19-vaccines/covid-19-vaccine-information-in-your-language>



Tagahanap ng Klinika ng Pagbabakuna laban sa COVID-19

Ang [COVID-19 Vaccine Clinic Finder](#) ay isang online tool na nagbibigay ng impormasyon sa 15 na mga wika ng komunidad tungkol sa kung kailan at saan ka maaaring makakuha ng bakuna laban sa COVID-19 at nagbibigay-daan sa iyo na mag-iskedyul ng isang appointment sa pinakamalapit na klinika ng pagbabakuna.

Makakahanap ka ng karagdagang impormasyon dito health.gov.au/covid19-vaccines-languages



National Coronavirus Helpline

Ang [National Coronavirus Helpline](#) ay nagbibigay ng impormasyon tungkol sa bakuna laban sa COVID-19 at maaaring makatulong sa iyo na makahanap ng isang klinika ng pagbabakuna at magbigay ng impormasyon sa pakikipag-ugnay upang magpa-iskedyul.

Maaari kang tumawag sa National Coronavirus Helpline sa 1800 020 080. Ang serbisyong ito ay magagamit 24 oras, 7 araw bawat linggo. Para sa serbisyo ng pagsasalinwika tumawag sa TIS National sa 131 450 at hilingin na ikonekta sa National Coronavirus Helpline.



Mga Kagawaran ng Kalusugan ng Estado/Teritoryo

Ang mga estado at teritoryo ay bumuo rin ng mga isinalinwikang mapagkukunan na may impormasyon tungkol sa bakuna laban sa COVID-19.

- [ACT](#)
- [NSW](#)
- [QLD](#)
- [SA](#)
- [TAS](#)
- [VIC](#)
- [WA](#)
- [NT](#)



RANZCOG

[Ang Royal Australian and New Zealand College of Obstetricians and Gynaecologists](#) (RANZCOG) ay nagbibigay ng mga pinakabagong impormasyon at gabay sa bakuna laban sa COVID-19 para sa mga babaing buntis at nagpapasuso at mga nagpaplanong mabuntis alinsunod sa payo ng Australian Technical Advisory Group on Immunisation (ATAGI).



Healthdirect

Ang [Healthdirect](#) ay nagbibigay ng impormasyon sa kalusugan at payo tungkol sa bakuna laban sa COVID-19. Ang website nito ay nagbibigay ng impormasyon sa Ingles tungkol sa mga madalas na itinatanong. Kabilang dito ang [COVID-19 Vaccine Side Effects Symptom Checker](#) na nakakatulong sa mga pag-aalala tungkol sa mga side effect pagkatapos mabakunahan laban sa COVID-19.

Makakahanap ka ng karagdagang impormasyon dito <https://www.healthdirect.gov.au/coronavirus>



MyAus COVID-19 App

[Ang MyAus COVID-19 App](#) ay isang libreng app na binuo ng Migration Council Australia na nagbibigay ng impormasyon tungkol sa COVID-19 at pagsuporta sa 29 na mga wika ng komunidad, kabilang ang impormasyon tungkol sa bakuna laban sa COVID-19 sa wikang magagamit (accessible language).

